Pangalan:______________________________ Linggo: ____________

Baitang&Pangkat:_________________________ Petsa: ____________

# SANAYANG PAPEL #1 PAKSA: KONSEPTO NG KASARIAN

## GABAY

**Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELC):** Natatalakay ang mga uri ng kasarian (gender) at sex at gender roles sa iba'tibang bahagi ng daigdig.

Pagkatapos sagutan ang sanayang papel na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. nauunawaan ang kahulugan ng sex at gender;
2. nasusuri ang mga uri ng kasarian; at
3. napapahalagahan ang pagkaunawa sa mga batayang konsepto upang maging bahagi ng mga aktibong taga taguyod ng pagkakapantay at paggalang sa kapwa bilang kasapi ng pamayanan.

## ENGGANYO

Ang konsepto ng gender at sex ay magkaiba. Ang **sex** ay tumutukoy sa kasarian – kung lalaki o babae. Ito rin ay maaaring tumukoy sa gawain ng babae at lalaki na ang layunin ay reproduksiyon ng tao.

Ayon sa World Health Organization (2014), ang **sex** ay tumutukoy sa biyolohikal at pisyolohikal na katangian na nagtatakda ng pagkakaiba ng babae sa lalaki. Samantalang ang **gender** naman ay tumutukoy sa mgap anlipunang gampanin, kilos, at gawain na itinatakda ng lipunan para sa mgababae at lalaki.

SEX ( Kasarian )
Male (lalaki) — Female (babae)

GENDER
Masculine — Feminine

**Katangian ng Sex** (Characteristics of Sex)

1. Ang mga babae ay nagkakaroon ng buwanang regla samantalang ang mga lalaki ay hindi.
2. Ang mga lalaki ay may testicle (bayag) samantalang ang babae ay hindi nagtataglay nito.

**Katangian ng Gender** (Characteristics of Gender)

1. Sa Saudi Arabia ay pinahihintulutan na magmay-ari at magmaneho ng sasakyan ang mgal alaki at ang mgababae ay hindi.
2. Sa halos lahat ng mga bansa, ang mga babae ang inaaasahang mag-aaruga at magpapalaki sa mga anak samantalang ang mgalalaki ay hindi.

Samantala, ang Gender Roles ay pag-uugali, asal, mga inaasahang karapatan at gampanin na inaasahan at inuugnay ng lipunan sa kanyang kasarian. Ito ay maaaring maimpluwensiyahan ng kaniyang kultura, edad, etnisidad at ng kapaligiran.

**Oryentasyong Seksuwal**

Ano ang pagkakaiba ng sexual orientation at gender identity (SOGI)?

Ayon sa *GALANG Yogyakarta*, ang **oryentasyong seksuwal** (sexual orientation) ay tumutukoy sa kakayahan ng isang taon na makaranas ng malalim na atraksiyong apeksyonal, emosyonal, sekswal; at ng malalim na pakikipagrelasyon sa taong ang kasarian ay maaaring katulad ng sa kanya, iba sa kanya, o kasariang higit sa isa.

Samantalang ang **pagkakakilanlang pangkasarian** (gender identity) ay kinikilala bilang malalim na damdamin at personal nakaranas ang pangkasarian ng isang tao, na maaaring nakatugma o hindi nakatugma sa sex nang siya'y ipanganak, kabilang ang personal napagtuturing niya sa sariling katawan (na maaaring mauwi, kung malayang pinipili, sa pagbabago ng anyo o kung ano ang gagawin sa katawan sa pamamagitan ng pagpapaopera, gamut o iba pang paraan) at iba pang ekpresyon ng kasarian , kasama na ang pananamit, pagsasalita, at pagkilos.

Sa simpleng kahulugan, ang salitang **oryentasyong sekswal** ay tumutukoy sa iyong pagpili ng iyong makakatalik, kung siya ay lalaki o babae o pareho. Ang **oryentasyong sekswal** ay maaaring maiuri bilang heterosekswal, homosekswal, at bisekswal.

 **Heterosexual –** mga taong nagkakanasang seksuwal sa miyembro ng
Kabilang kasarian, mga lalaki na ang gustong makatalik ay babae at mga babaeng gusto naman ay lalaki

 **Homosexual –** mga nagkakaroon ng seksuwal na pagnanasa sa mga taong nabibilang sa katulad na kasarian, mga lalaking mas gustong lalaki ang makakatalik at mga babaeng mas gusto ang babae bilang sekswal na kapareha
Bukod sa lalaki at babae, may tinatawag tayo sa kasalukuyan na lesbian, gay, bisexual, at transgender o mas kilala bilang LGBT.

**Lesbian (tomboy) -** sila ang mga babae na ang kilos at damdamin ay panlalaki; mga babaeng may pusong lalaki at umiibig sa kapwa babae (tinatawag sa ibang bahagi ng Pilipinas na tibo at tomboy)

**Gay (bakla) -** mga lalaking nakararamdam ng atraksyon sa kanilang kapwa lalaki; may iilang bakla ang nagdadamit at kumikilos na parang babae (tinatawag sa ibang bahagi ng Pilipinas na; bakla, beki, at bayot).

**Transgender -**kung ang isang tao ay nakararamdam na siya ay nabubuhay sa maling katawan, ang kaniyang pag-iisip at ang pangangatawan ay hindi magkatugma, siya ay maaaring may transgender na katauhan

 **Bisexual -** mga taong nakararamdam ng atraksyon sa dalawang kasarian

 **Asexual –** mga taong walang nararamdamang atraksiyong seksuwal sa anumang kasarian

*Hango mula sa Araling Panlipunan Modyul para sa mga Mag-aaral 10 (pahina 247-266)*

# TALAB

**Gawain 1.** PaanoNagkaiba?

Panuto: Ngayong natapos mo nang basahin ang teksto, subukin mo nang tukuyin kung ano ang pagkakaiba ng sex at gender. Ilista ang katangian ng sex at gender sa mga kahon sa ibaba.

| Katangian ng Sex | Katangian ng Gender |
|---|---|
| | |

PamprosesongmgaTanong:

1. Ano ang napansin mong pagkakaiba ng iyong mga naitala?
_______________________________________________________________

2. Ano ang dati mong iniisip na kaibahan ng dalawang konseptong ito? Naging maliwanag na ba saiyo ang kaibahan ng sex at gender?
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________

**Gawain 2.** Gender at Sex: Anonga Ba?
Sa pagkakataong ito, maaari mo nang ibigay at isulat sa ibaba ang pagkakaiba ng gender at sex mula sa mga natutunan mo sa aralin sa pamamagitan ng pagkumpleto sa mga pangungusap sa ibaba.

Mula sa araling ito, natutunan ko na ang *sex* ay ______________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
samantalang ang *gender* naman ay tumutukoy sa
_______________________________________________________________
_____________________________________________________.

# RUBDOB

**Gawain 3: Natutunan ko- Iugnay ko**
**Panuto**: Batay sa iyong mga natutunan, tayahin ang sitwasyon sa inyong pamilyang kinabibilangan.Punan ng mga wastong impormasyon ang sumusunod na talahanayan.

| **Miyembro ng Pamilya** | **Kasarian** | **Gender** | **Gender Role** | **Kasalukuyang Issue/Hamon saPagtupad ng Gender Role saKasalukuyang panahon** | **MungkahingSolusyonsa Issue/Hamon saPagtupad ng Gender Role saKasalukuyang panahon** |
|---|---|---|---|---|---|
| Halimbawa:<br>- Ama | - Male | - Mascu line | - Tumatayong pangunahing naghahanap buhay sa pamilya | -Dahil sa pandemic, nawalan ng hanapbuhay at ang ina ng | -Kahit nawalan ng trabaho dahil sa pandemya, maaari pa ring humanap ng iba |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | tahanan ang kasalukuyang tumatayong naghahanapbuh ay sa pamilya. | pang kabuhayan tulad ng pagrerepair ng mgasirang electronic appliance o gadgets |
| 1. | | | | | |
| 2. | | | | | |
| 3. | | | | | |

## IRAL

**Maiksing Pagsusulit**

**Panuto:**Basahin ang mga sumusunod na bilang, Isulat ang titik ng tamang sagot.

______1. Alin sa mga sumusunod na terminolohiyaang tinutukoy ng World Health Organization (WHO) na tumutukoy sa biyolohikal at pisyolohikal na katangian nanagtatakda ng pagkakaiba ng babaesalalaki?
A. Sex
B. Gender
C. Gender Roles
C. Gender Identity

______2. May iba't ibang katangian ng seks. Alin dito ang nagsasaad ng tamang katangian ng seks?
A. Ang mgababae ay nagkakaroon ng buwanang regla samantalang ang mga lalaki ay hindi.
B. Ang mgababae ay mas madalas nakilala sa pabagobago ng isip o nararamdaman at ang lalaki ay hindi.
C. Ang mga lalaki ay mas madalas na kayang magbuhat ng mabibigat na bagay samantalang ang mga lalaki ay hindi.
D. Ang mga babaeng asawa ay mas madalas na umaasa sa padre de pamilya samantalang ang mga lalaki ay hindi.

______3. Bukod sa lalaki at babae ay may tinatawag din tayo sa kasalukuyan na LGBT. Alin sa mga sumusunod ang hindika bilang dito?
A. Transgender
B. Lesbian
C. Bisexual
D. Asexual

______ 4. Bukod sa lalaki at babae may tinatawag tayong bisekswal. Ano ang ibig sabihin ng bisekswal?

A. Mga taong nakakaramdam ng atraksiyon sa dalawang kasarian.
B. Mga babae na ang kilos lalaki at nakakaramdam ng atraksiyon sa kapwa babae.
C. Mga lalaking nakakaramdam ng atraksiyonsa kanilang kapwa lalaki.
D. Mga taong nabubuhay ang pag-iisip at pangangatawan ay hindi magkatugma.

______ 5. Alin sa mga sumusunod ang tawag sa mga panlipunang gampanin, kilos, at gawain naitinatakda ng lipunan para sa mga babae at lalaki?

A. Sex
B. Gender
C. Gender Roles
D. Gender Identity

______ 6. Alin sa mga sumusunod ang mga taong walang nararamdamang atraksiyong seksuwal sa anumang kasarian?

A. Gay
B. Lesbian
C. Bisexual
D. Asexual

______ 7. Alin sa mga sumusunod ang isang taong nakararamdam na siya ay nabubuhay sa maling katawan at ang kaniyang pag-iisip at pangangatawan ay hindi magkatugma?

A. Transgender
B. Lesbian
C. Bisexual
D. Asexual

______ 8. Si Rosa ay may kababatang kapwa babae na nagkakagusto sa kaniya. Sinabi sa iyo ni Rosa na mayroon din siyang nararamdamang atraksyon dito. Batay sa iyong pagkakakilala sa kanya ay wala pa siyang nagugustuhang lalaki. Alin sa mga sumusunod ang sexual orientation ni Rosa?

A. Bisexual
B. Heterosexual
C. Homosexual
D. Asexual

______ 9. Kayo ay apat na magkakapatid sa inyong pamilya. Kahit nakilalang matulungin at mabait ang inyong ama sa inyong lugar ay kabaligtaran naman ito sa inyong pamilya. Nasasaksihan ninyo ang pagmamalupit ng inyong ama sa kapatid mong may karelasyong kapwa lalaki. Paano ka makakatulong upang ito ay matigil?

A. Hihingi ako ng tulong sa mga kapitbahay naipakulong ang aming ama sa ginagawang pagmamalupit sa aking kapatid.
B. Magpopost ako sa social media upang makakalap ng suporta laban sa aming ama na nagmamalupit sa aking kapatid.
C. Hihikayatin ko ang aming ama naunawain at igalang ang sexual orientation ng aking kapatid dahil ito naman ay mabuting anak at kapatid.
D. Tutulungan ko ang aking kapatid sa kanyang pakikipagrelasyon sa kapwa lalaki tuwing wala ang aming ama.

______ 10. Alin sa nabanggit ang hindi nagpapahalaga sa kasarian?

A. Makikipagkaibigan ako sa mga LGBT at lalaki man o babae sa aming lugar lalo na at lagi ko silang nakakasalamuha.
B. Igagalang ko ang kasarian lalaki man babae maging ang LGBT dahil anuman ang kanilang kasarian ay tao pa rin sila na kailangang igalang at pahalagahan.

C. Makikikapg tulungan sa mga Anti-Bullying campaign against LGBT kahit na isa akong babae/lalaki dahli ano man ang kasarian o sexual orientation ay kailangang igalang.
D. Gagamitin ko ang kahusayan ko sa social media upang I harass ang mga kilala kong babae/ lalaki na may masayang relasyon.

*References:*
https://cdn.citl.illinois.edu/courses/CHLH206/ch5_gender_and_gender_roles_lecture/web_data/slides_and_notes.htm
(http://taw.acas.org/contents/index.php?option=com_content&view=article&id=54:trans-101-pilipino&catid=47:tagalog)
*AralingPanlipunanModyul para samga Mag-aaral 10 (pahina 247-266).*

**TEACHER'S FEEDBACK**

______________________________________________________________

**SELF-MONITORING**

Pangalan: ________________________________ Linggo: ______________

Baitang&Pangkat: ___________________________ Asignatura: ___________

| **Para sa Mag-aaral (*Tapusin ang mgapangungusap.)*** | |
|---|---|
| Nahirapanakongunawain at gawin / sagutan ang bahaging… | |
| Nadaliaanakongunawain at gawin / sgutan ang bahaging … | |
| Kailangan ko pa ng tulongupanglalongmaunawaan ang …. | |

| **Para samagulanG(*Lagyan ng tsek ang inyoongsagot.)*** | | | |
|---|---|---|---|
| Nagawa ng akinganak ang mgapagsasanay … | | Ang akinganak ay … | |
| | nangsiyalamang mag-isa, walangtumulong | | Nasagutan ang lahat ng mgapagsasanay |
| | na may kauntingtulongsapagsasabotmulasa iba | | Nasagutan angibangpagsasanay at ang iba ay hindi |
| | namarminghiningingtulongsapagsasagotmulasa iba | | hindinasagutan ang lahat ng pagsasanaydahilmasyadongmahirap |